# PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY
## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**BAHAGI NG KATITIKAN NG DI -PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG TAYTAY, RIZAL NA IDINAOS NUONG OKTUBRE 25, 2001 SA SILID PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN**

**DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Fernando R. Cabitac, Jr | - | Tagapangulo/ Pangalawang Punong Bayan |
| Kgg. Janet DL. Mercado | - | Konsehal |
| Kgg. Sharon B. de Leon | - | " |
| Kgg. Joselito T. Calderon | - | " |
| Kgg. Anastacio V. Alcantara | - | " |
| Kgg. Pochollo A. Esguerra | - | " |
| Kgg. Aldin B. Gatapia | - | " |

**HINDI- DUMALO :**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Arturo R. Valle | - | Konsehal (O.B) |
| Kgg. Reggie Lynn R. Gonzaga | - | " ( O.B) |
| Kgg. Andres C. Cruz, Jr. | - | Pangulo ng Liga ng mga Barangay ( O.B) |
| Kgg. Archie R. Calderon | - | Pangulo ng Liga ng Sangguniang Kabataan ( O.B) |

---

**PANUKALA NINA:** Kgg. Sharon B. De Leon
Kgg. Joselito T. Calderon

**SPONSOR NINA:** Pang.Punong Bayan Fernando R. Cabitac,Jr
Miyembro ng Sangguniang Bayan

---

**KAPASYAHAN BILANG 103**

**KAPASYAHAN NA NAGTATAKDA NG PARKING AREA PARA SA MGA SASAKYAN SA BAGONG PALENGKE SA BISPERAS AT ARAW NG MGA PATAY**

SAPAGKAT, ayon Section 447 (1) ng Republic Act 7160 na lalong kilala bilang Local Government Code of 1991, isinasaad nito na: (1) Approve Ordinance and pass Resolution for an efficient and effective Municipal Government, ang Sangguniang Bayan ng Taytay na nagbabawal sa lahat ng sasakyan na pumasok sa Municipal Cemetery at Catholic Cemetery sa Bayan Taytay;

SAPAGKAT, tuwing sasapit ang araw at bisperas ng mga patay, nahihirapan ang ating mga kababayan na humanap ng lugar para pagparadahan ng kanilang mga sasakyan na nagiging sanhi ng mabigat na trapiko;

SAPAGKAT, kung magtatakda ng pansamantala paradahan ng mga sasakyan sa bagong palengke ito ay makapagbigay ng kaluwagan sa mga mamamayan na nais magtungo sa sementeryo gayundin ay mapapanatili ang kaayusan sa trapiko at paradahan ng mga sasakyan;

DAHIL DITO, matapos ang masusing pag-aaral at pagpapalitan ng kuro-kuro sa mungkahing pinangalawahan ay;

PINAGPASIYAHAN, at lubos na pinagpasiyahan ng Sangguniang Bayan ng Munisipal ng Taytay, Rizal na nagtatakda sa parking area para sa mga sasakyan sa Bagong Palengke sa Bisperas at Araw ng mga Patay.

PINAGPASIYAHAN PA, na ipadala ang sipi ng Kapasiyahang ito sa mga kinauukulan para sa kanilang impormasyon at upang mabigyan ng kaukulang hakbang.

PINAGTIBAY NG LUBUSAN, ngayon ika- 25 ng Oktubre, 2001 sa Bulwagan ng Sangguniang Bayan sa Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal

PINATUTUNAYAN KO, na ang Kapasiyahan ito ay tunay at siyang katotohanan.

**NOLI G. DEL ROSARIO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATUTUNAYAN:

**KGG. FERNANDO R. CABITAC,JR**
Tagapangulo/ Pangalawang Punong Bayan

PINAGTIBAY:

**KGG. JUNE V. ZAPANTA**
Punong Bayan